3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-6 Bus

(1) Bus terminal

Ang karamihan ng terminal ng bus ay nasa mga pangunahing istasyon ng tren.

(2) Iskedyul ng bus

Nakapaskil ang iskedyul o oras ng pagdating o pag-alis ng bus sa lahat ng hintuan ng bus. Kadalasang ang oras ng bus ay naayon sa oras ng pagdating ng tren. Sa mga lungsod, ang oras o iskedyul ng bus ay hindi inaayon sa oras ng tren ngunit ito ay kadalasang sanhi ng trapiko kung kaya't hindi ito sinusunod.

(3) Destinasyon ng bus

Ang patutunguhan ng bus ay nakapaskil sa harap na salamin ng bus. Kung hindi alam ang patutunguhan ng bus itanong ito sa tagapagmaneho ng bus.

(4) Pagsakay ng bus

Itaas ang kamay kapag dumating ang sasakyang bus sa hintuan o sakayan. Mayroong dalawang klase ng bus: ang bus na ang pasukan ay mula sa harapan at nauuna ang pagbayad at ang isang klase naman ay kung saan ang pasukan ay sa gitna ng bus at sabay pagpasok ay kailangang kumuha ng tiket na kung tawaging seiriken. Ang bata (hindi lumalagpas ng 12 anyos) ay kalahati ng bayad ng matanda (iround-off sa 10 yen kapag alanganin ang halaga nito). Kung ang bata ay kasama ng magulang, libre hanggang dalawang bata, at ang ikatlong bata ay kalahati ng sa matanda

(5) Pagbaba ng bus

Pindutin ang pindutan kapag nabanggit na ang bababaang lugar. Ang mga presyo o halaga ng kailangang bayaran ay makikita sa pinakaharap na parte ng bus kaya siguraduhin ang numero ng tiket at tingnan kung magkano ang kailangang bayaran. Ang bayaran ay nasa gilid ng tagapagmaneho na otomatikong bayaran. Inilalagay ang tiket at ang bayad sa otomatikong bayaran. Kung walang barya, papalitan ang pera sa papalitan na nasa tabi ng otomatikong bayaran.

(6) Sistemang diskwenta para sa matipid na pagsakay

Mayroon ding mga iba-ibang klase ng tiket para sa bus tulad ng commuter's pass, ticket set, at private card na mayroong diskwento.